Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON
PANLUNGSOD NA SANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNSOD NG BIÑAN

DEPARTMENT OF EDUCATION
Schools Division of Biñan City
RECORDS SECTION
RECEIVED
JAN 0 6 2025
By: [signature]

06 January 2025

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
CID-2025-002

**MUNGKAHING PAMPATAKARAN SA PAGBUO NG WASTONG ULAT SA PAGBASA**

Sa mga : Hepe, Sangay ng Pamumuno at Operasyon ng Paaralan
Hepe, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Kinauukulang Pinuno ng mga Paaralan

1. Ang pagbasa nang may pang-unawa sa asignaturang Filipino ay pangunahing kasanayan na nagsisilbing pundasyon para sa pagkatuto sa ibang mga asignatura. Kung may problema sa pagbasa, maaapektuhan din ang pagkatuto sa Agham, Matematika, at iba pang larangan. Ang mahusay na pagbasa ay nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa wika at kakayahan sa pakikipagkomunikasyon. Kung mahina ang pagbasa sa Filipino, magiging limitado rin ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahayag sa kanilang sariling wika. Ang kahusayan sa pagbasa ay mahalaga hindi lamang sa pang-akademikong aspeto kundi pati na rin sa paghahanda sa mas mataas na edukasyon at sa pang-araw-araw na buhay. Ang mga mag-aaral na hindi mahusay sa pagbasa ay maaaring mahirapan sa mga mas komplikadong tekstong kinakailangan sa kolehiyo o sa pagtatrabaho. Ang mahusay na pagbasa ng wikang Filipino ay isang mahalagang aspeto sa pagpapanatili ng ating kultura at pambansang identidad. Kapag hindi nabigyan ng sapat na tuon ang mga suliranin sa pagbasa sa Filipino, maaaring mabawasan ang pagpapahalaga ng kabataan sa sariling wika at literatura.

2. Ang wastong paggamit ng mga kasangkapan ay mahalaga sa pagbuo ng ulat sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil nakakatulong ito upang maging mas organisado, tumpak, at epektibo ang pagsusuri at pagpapahayag ng datos. Sa pamamagitan ng tamang paggamit ng kasangkapan sa paggawa ng ulat sa pagbasa masusukat ng wasto ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mag-aral sa iba't ibang aspekto tulad ng tatas, komprehensiyon o pang-unawa at bokabulayo o talasalitaan bukod sa makukuha ang tamang datos at mapapadadali ang pag-aanalisa ng resulta ng pagbasa ng mag-aaral. Sapat din ang kasangkapan upang tukuyin ang mga tiyak na pangangailangang pagkatuto ng bawat mag-aaral, na tumutulong upang mas maging angkop ang mga interbensiyon sa pagbasa. Ang wastong paggamit ng mga kasangkapan ay isang mahalagang aspeto sa pagbuo ng mas makabuluhan at epektibong ulat na magbibigay ng malinaw na larawan ng kalagayan ng pagbasa ng mga mag-aaral.

4. Layunin ng mungkahing pampatakaran na ito na;

a. maitala ang wasto, tunay at pinagtibay na datos o resulta ng antas o lebel sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa dibisyon ng Biñan na magiging basihan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral hinggil sa pagbasa,

b. tugunan ang malaking hamong kinakaharap ng dibisyon hinggil sa usaping pagbasa ng mga mag-aaral, at

c. makapag-aambag ng isang estratehiya sa pagtatasa

5. Ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ang inaasahang gagamit ng kasangkapan sa pagbuo ng ulat mula sa Baitang 1 hanggang Baitang 10. Inaasahan ang masusing gabay at pagsubaybay ng punongguro at pagmamasid ng Pandistritong Superbisor ng Publikong Paaralan gayundin ng Superbisor sa Programang Pang-edukasyon.

0. Para sa iba pang detalye at impormayos maaring makipag-ugnayan kay Raquel L. Azur, EdD., Superbisor sa Programang Pang-edukasyon sa telepono blg. (049)547-0105 lokal 116.

0. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MANUELA S. TOLENTINO, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian:

CID/PROPER / RLA / FML / DM- Mungkahing Pampatakaran sa Pagbuo ng Wastong Ulat sa Pagbasa / 01/06/2025

**MUNGKAHING PAMPATAKARAN SA PAGBUO NG WASTONG ULAT SA PAGBASA**

## I. PANIMULA AT RASYONAL

Isa sa pinakamahalagang makrong kasanayan ang pagbasa kung kaya't ito ay dapat na patuloy na nililinang sa bawat mag-aaral. Ang pagbabasa ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na dapat nating matutunan dahil ito ang isa sa pinaka-epektibong paraan ng pagkuha ng impormasyon.

Ang pagbabasa ay isang matibay na susi upang maunawaan, matutunan at mapagtagumpayan ang iba pang asignaturang pinag-aaralan. Subalit, higit sa lahat, nangangailangan din ng wasto at tamang pagtatasa ng antas o lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral, upang matiyak na tunay na nakakabasa ang mga mag-aaral , nakakabasa na may malalim na pang-uanawa sa kanyang binasa. Sapagkat sabi nga, ang taong marunong magbasa ay iyong taong marunong umunawa ng kanyang binasa. Isa sa pinakamahalagang aspekto ng pagtuturo ay ang pagsukat ng pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pamamagitan ng pagtataya sa pagbasa, nagkakaroon ng mahalagang impormasyon ang mga guro hinggil sa kanilang mag-aaral. Sapagkat nababatid ang kahinaan, pangangailangan at kakulangan ng mga mag-aaral gayundin ang instruksiyon na ginagamit o ginagawa sa pagtuturo. Ang pangunahing hakbang upang maipatupad ang maayos na instruksiyon sa pagpapabasa ay mabatid muna ang lebel ng bata sa pagbasa, sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay may iba-ibang iskima at bakgrawnd sa kahasaan sa pagbasa, may mga mag-aaral na mahusay sa pagbasa mayroon din naming nangangailanagn pa ng masusing pagsubaybay sa pagbasa. Tunay na napakahalaga ang pagtatasa sa antas at lebel sa pagbasa at bawat datos na itatala sa bawat mag-aaral sapagkat nakasalalay dito ang maraming bagay na gagawin ng isang guro at maging ng magulang upang maalalayan at mabigyang lunas ang suliranin sa pagbasa. Kung kaya't nararapat lamang na isang epektibo, sistematiko at masusing pamamaraan ang gagawin upang magkaroon ng wasto at pinagtibay ulat sa pagtatasa ng antas o lebel sa pagbasa ng bawat isang mag-aaral. Ang wasto

at pinagtibay na ulat sa pagbasa na isinusumite ng mga guro ang siyang pinagbabasihan kung ano na nga ba ang tunay na kalagayan ng mga mag-aaral pagdating sa usaping literasi. Ito rin ang nagsaaad sa kung ano na nga bang lebel o antas ng mag-aaral sa pagbasa. Bunga nito, ang epektibong pamamaraan sa pagbuo ng ulat sa pagbasa ay may malaking epekto sa lahat ng gawain partikular sa pagbasa.

Sa pamamagitan ng mungkahing pampatakaran na ito, matutugunan ang layuning makabuo ng wastong ulat sa pagbasa. Sapagkat sa pag-aaral na isinagawa , masusukat nang wasto ang kahasaan ng mga mag-aaral sa pagbasa at masusubaybayan pa ang mga ito mula sa pagiging Pagkabigo at hindi makabasa hanggang sa maging Pampagkatuto at hanggang maging ganap na Malaya sa lebel ng pagbasa batay sa Pambansang Imbentaryo sa pagbasa. Sa pamamagitan nito, makapag-aambag ng isang estratehiya sa pagtatasa at maibibigay ang wasto at pinagtibay ulat sa pagtatasa ng antas o lebel sa pagbasa ng bawat isang mag-aaral na siyang basihan kung paano matutulungan ang mga mag-aaral hinggil sa pagbasa.

## II. SAKLAW NG SALIKSIK

Ang mga kalahok sa saliksik na ito ay tatlong Tagamasid Pampurok, tatlong punongguro sa bawat distrito at mga tagapag-ugnay sa Filipino sa bawat paaralan ng Dibisyon ng Binan.

## III. MUNGKAHING PAMPATAKARAN

Ang mungkahing pampatakarang ito ay naglalayong paunlarin ang adbokasiya ng Kagawaran ng Edukasyon na mabigyang karapatan ang lahat ng mag-aaral ng tamang edukasyon at maiangat ang literasi ng mga mag-aaral na siyang nilalayon din ng dibisyon, bukod dito upang maibigay ang angkop na interbensiyon at suporta sa mga mag-aaral kailangang maging balid at tamang resulta ng pagtataya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ganitong paraan ay magamit ang iminumungkahing kasangkapan na makapagbibigay ng tama at epektibong pamamaraan sa pagbuo ng wastong ulat kung kaya at inaasahang maipamamalas, maipakikita at maibibigay ang kolaborasyon at pagtutulungan ng mga namumuno sa eduksyon, mga guro , magulang at mga stakeholders.

## IV. PAMAMARAN

### 1. Plano ng Gawain

A.1. Ugnayang pulong ng punongguro at mga guro sa Filipino batay sa resulta ng paunang pagbasa MCRLA at Phil IRI. Pagkilala at pagtatala sa mga mag-aaral na hindi nakakabasa.

A.2. Pagpapahayag ng mga kapamaraanan , proyekto at mga aktibiti na dapat isagawa upang malunasan ang suliranin.

A.3. Ugnayang pulong sa mga magulang , guro, punongguro at tagamasid pampurok hinggil sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

A.4. Pagpapaliwanag ng punongguro ng mga salik na makakatulong sa paghasa sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, gayundin ang mga kagamitan sa pagbasa na makakatulong sa pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa puntong ito , katuwang ang koordineytor sa Filipino ng punongguro , ay ipaliliwanag kahalagahan at paraan ng paggamit ng iminumungkahing kasangkapan sa pagtatasa sa pagbasa ng mga mag-aaral upang sa ganoon ay masukat nang tama ang antas o lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral at sa ganoon ay mabigyan ng karampatang tulong ang mag-aaral na makikitang may higit na pangangailangan sa usaping pagbasa.Magsisilbi rin itong daan tungo sa isang wasto at balidong datos ng kakanyahan ng mag -aaral sa pagbasa.

### 2. Pag-aayos ng iskedyul para sa pagpapabasa

A1. Paggawa ng iskedyul sa pagpapabasa ng mga mag-aaral na hindi makabasa. Maaaring isagawa sa maluwag at napagkasunduang iskedyul ng guro at ng punongguro upang matutukan ang mga mag-aaral na makabasa nang may pang-unawa sa kanilang binasa. Sa puntong ito , inaasahan na ang iminumungkahing kagamitan sa pagpapabasa ay gagamitin upang ang maibigay ang tumpak na ulat sa pagpapabasa.


**Address:** P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.:** (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address:** deped.binancity@deped.gov.ph
**Website:** depedbinan.com
TÜV NORD ISO 9001
Certificate No. PHP QMS 22 93 0085

**3. Paraan ng Pagsubaybay**

Ang kasangkapan sa pagbasa na gagamitin ng mga guro ay susuriing mabuti ng mga balideytor upang maging wasto ang ulat hinggil sa kakanyahan ng mag-aaral sa pagbasa. Inaasahan na ang itinalang datos hinggil sa lebel o antas asa pagbasa ng mag-aaral ay tumpak at wasto na siyang magiging basihan ng angkop na paraan ng pagpapabasa at pagbibigay ng karampatang interbensiyon o aktibiti upang ang mag-aaral ay maturuang makabasa at makaunawa ng kanyang binasa. Inaasahan din ang tulong ng punongguro at Tagamasid Pampurok sa pagsasagawa ng pagsubaybay sa pagbasa ng mga mag-aaral.

4. Mga tungkulin at responsibilidad.

A. Punongguro

1. Suriing mabuti ang iskedyul na gagawin sa pagpapabasa sa mga mag-aaral.
2. Tiyaking gagamitin ng mga guro sa pagpapabasa ang mungkahing kasangkapan s apagpapabasa upang maging wasto at tumpak ang datos na makakalap.
3. Tiyaking magagampanan nang maayos at tama ng mga taong gaganap sa pagpapabasa.
4. Makapagbibigay ng inspirasyon at direksiyon sa mga mag-aaral at sa buong paaralan upang makamit ang mga layuning edukasyon.
5. Makapagbigay ng ng *feedback* at ebalwasyon sa mga mag-aaral sa isinagawang pagpapabasa sa mga mag-aaaral at kritisismo at mga rekomendasyon upang mapabilis ang pagbasa ng mga mag-aaral.

B. Koordineytor

1. Tiyaking maliwanag na naituro sa mga guro sa Filipino ang kasangkapan sa pagpapabasa ng guro upang wasto ang resultang makakalap.
2. Inaasahang mangangalap ng mga datos sa pagpapabasang ginawa ng mga kasamahang guro.

C. Mga Guro na Nagtuturo ng asignaturang Filipino

1. Inaasahang matamang magpapabasa sa mga mag-aaral at gagamitin ang mungkahing kasangkapan sa pagbasa upang makapagbigay ng tama at wastong datos ng lebel sa pagbasa ng mga mag-aaral .
2. Lalagom ng mga nakalap na datos at ibibigay sa koordineytor sa Filipino.

**V. Sanggunian**


1. Calibara, Liza, Epekto ng Proyektong A4P's (Agapayan, Palakasinat Pagbutihin ang Pagbasa at Pag-Unawa)sa Antas ng Pagbasa ng mga Batang Nasa Baitang 2at Baitang 3 ng Paaralang Elementary ng Tambo, 2019-01-18,

2. Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR) The Philippine Informal Reading Inventory manual 2018 Published by Department of Education

3. DepEd Order no. 55 s. 2016(Policy Guidelines on the National Assessment of Student Learning for the K to 12 basic Education Program

4. Early Reading Assessment: A Guiding Tool for Instruction,By: The Access Center Madani HABIB, Assessment of Reading Comprehension, 2016, Volume 8, Issue 1, June, pp. 125-147, Doi: http://dx.doi.org/10.18662/rrem/2016.0801.08

5. Ramones AR., Mga Pamamaraan ng Pagtatasa (Assessment) at mga Rubrik o Pamantayang gamit ng Guro sa Pagsukat ng Pagkatuto sa Araling Panlipunan: Isang Pagsusuri Tungo sa Pagpiling Epektibong Pamamaraan, 2019

6. Rod Lane et.al. Literature Review: Formative Assessment Evidence and Practice, Mac Quarie University, Australia

7. Quintino H., Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng ga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic, American Journal of Humanities and Social Sciences Research,e-ISSN:2378-703X, Vol.- 5, Issue 6.2021.

**VI. Kabisaan/ Epektibiti**

Ang polisiyang ito ay magkakaroon ng bisa sa oras na nailathala sa websayt ng SDO Biñan City at mananatiling ipapatupad hanggang sa ito ay ipatigil o palitan kaugnay ang mga batas o panuntunan ng departamento.